BC CANCER CERVIX SCREENING
Provincial Health Services Authority

Resulta ng Pagsusuri sa Screening

Notice Date
Test Result Date:

JANE SAMPLE
123 ANY STREET
CITY, PROVINCE, POSTAL CODE

Abiso ng Resulta – Walang Kailangang Follow-Up, Magpasuri Muli Pagkalipas ng 5 Taon

Natatanggap mo ang liham na ito dahil kamakailan ay nakumpleto mo ang pagsusuri sa cervix (cervix screening).

Ipinapakita ng iyong resulta na walang natagpuang HPV (human papillomavirus) sa iyong sample.

MGA SUSUNOD NA HAKBANG: Wala nang karagdagang hakbang na kinakailangan sa ngayon.

Inirerekomenda na magpasuri muli ng cervix pagkalipas ng 5 taon, maliban kung may ibang rekomendasyon ang isang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan. Kung ikaw ay nasa edad na 25 hanggang 69 at nakarehistro gamit ang isang address sa BC, padadalhan ka ng paalala sa pamamagitan ng koreo kapag oras na para sa iyong susunod na pagsusuri.

Pakitandaan: Ang pagsusuri para sa HPV ay napakabisa sa pagtukoy ng mga pasyenteng may panganib na magkaroon ng kanser sa cervix. Kapag walang nakitang HPV, napakababa ng posibilidad na magkaroon ng abnormal na pagbabago sa mga selula ng iyong cervix sa loob ng maraming taon. Nangangahulugan ito na maaari kang ligtas na maghintay ng 5 taon bago muling magpasuri.

Bukod sa regular na mga pagsusuri, dapat mo ring bantayan ang anumang hindi pangkaraniwang pagbabago sa iyong katawan. Kung nakakaranas ka ng pagdurugo pagkatapos makipagtalik, pagdurugo sa pagitan ng mga regla o pagkatapos ng menopause; pagdami ng discharge sa puwerta; pananakit ng balakang (pelvic pain) o pananakit habang nakikipagtalik, makipag-usap sa isang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan. Mahalagang maimbestigahan ang mga sintomas na ito upang mapangalagaan ang kalusugan ng iyong cervix, kahit pa normal ang resulta ng iyong pagsusuri.

Kung nagbago ang iyong tirahan, mangyaring bisitahin ang https://www.addresschange.gov.bc.ca/ upang i-update ang iyong address sa ICBC at Health Insurance BC nang sabay.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Cervix Screening Program, mangyaring bisitahin ang aming website sa www.screeningbc.ca/cervix.

SAMPLE

BC CANCER CERVIX SCREENING
Provincial Health Services Authority

Resulta ng Pagsusuri sa Screening

PAGKAPRIBADO AT PAGIGING KUMPIDENSIYAL NG PASYENTE

Bakit ko natanggap ang liham na ito?
Natatanggap mo ang liham na ito dahil kamakailan ay nakumpleto mo ang pagsusuri sa cervix. Sa pamamagitan ng direktang pagbibigay sa iyo ng iyong mga resulta, hinihikayat ka naming magkaroon ng aktibong papel sa pangangalaga ng kalusugan ng iyong cervix.

Maaari ka ring magparehistro sa Health Gateway upang magkaroon ng mabilis at ligtas na access sa iyong mga resulta sa kalusugan anumang oras. Upang magparehistro, bisitahin ang www.healthgateway.gov.bc.ca.

Saan ninyo nakuha ang aking personal na impormasyong pangkalusugan at impormasyon sa pakikipag-ugnayan?
Bilang programa ng Provincial Health Services Authority, tumatanggap kami ng kaugnay na personal na impormasyong pangkalusugan at impormasyon sa pakikipag-ugnayan mula sa mga ahensya ng pamahalaan at mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan na direktang kasangkot sa iyong pangangalaga. Ginagamit namin ang impormasyong ito upang matukoy kung kailan ka dapat makatanggap ng mga liham tungkol sa cancer screening at upang maibigay sa iyo ang iyong mga resulta ng pagsusuri. Nakatuon ang BC Cancer sa pagpapanatiling pribado, kumpidensiyal, at ligtas ng iyong impormasyon sa lahat ng oras.

Ginagamit namin ang impormasyong ito upang:

- Anyayahan kang isaalang-alang ang pagpapasuri kapag ikaw ay kwalipikado na batay sa edad;
- Paalalahanan ka kapag oras na para sa iyong susunod na screening test; at
- Ipaalam sa iyo ang mga resulta ng iyong screening test, kabilang ang impormasyon para sa follow-up (kung kinakailangan).

Maaaring makipag-ugnayan sa iyo sa hinaharap upang kumpletuhin ang mga survey para sa feedback tungkol sa cervix screening.

Pinangungunahan ng BC Cancer ang panlalawigang pagpaplano at panrehiyong paghahatid ng pangangalaga sa kanser para sa mga residente ng British Columbia. Saklaw ng mandato ng BC Cancer ang buong hanay ng pangangalaga sa kanser at kabilang dito ang mga organisadong programa ng cancer screening para sa British Columbia.

May mga tanong tungkol sa mga abiso mula sa BC Cancer Screening?
Mangyaring bisitahin ang www.screeningbc.ca/notifications

Important information, please translate.
重要信息，请翻译。
ਮਹੱਤਵਪੂਰਨ ਜਾਣਕਾਰੀ, ਕਿਰਪਾ ਕਰਕੇ ਅਨੁਵਾਦ ਕਰੋ।
Mahalagang impormasyon, mangyaring isalin sa wikang tagalog.
Información importante; por favor, tradúzcala.
معلومات مهمة ، يرجى الترجمة.

Information importante, veuillez traduire.
重要信息，請翻譯。
Wichtige Informationen, bitte übersetzen.
중요한 정보를 번역하십시오.
Tin tức quan trọng, xin phiên dịch.
اطلاعات مهم ، لطفاً ترجمه کنید.

SAMPLE

Ang iyong personal na impormasyon ay kinokolekta at pinoprotektahan laban sa hindi awtorisadong paggamit at pagsisiwalat alinsunod sa Personal Information Protection Act at, kung naaangkop, sa Freedom of Information and Protection of Privacy Act. Maaari lamang itong gamitin at ibunyag ayon sa pinahihintulutan ng mga batas na ito. Ang personal na impormasyong ito ay ginagamit upang magbigay ng mga serbisyong medikal at suporta sa mga pasyente sa pamamagitan ng Cervix Screening Program. Ang nakolektang impormasyon ay ginagamit para sa pamamahala ng quality assurance at ibinabahagi sa mga tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan na kasangkot sa iyong pangangalaga o kapag hinihingi ng batas. Bukod dito, ipapaalam ng Cervix Screening Program sa mga pasyente ang kanilang mga resulta, magpapadala ng mga paalala sa mga pasyente at sa kanilang mga

pangunahing tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan tungkol sa muling pagpapasuri o follow-up, at magsasagawa at magmomonitor ng kalidad at pagganap ng proseso ng pagsusuri.

Kung mayroon kang anumang katanungan tungkol sa pangongolekta ng impormasyong ito ng BC Cancer, maaari kang makipag-ugnayan sa: 801 – 686 West Broadway, Vancouver BC V5Z 1G1, o sa email: screening@bccancer.bc.ca. Kung natanggap mo ang impormasyong ito nang hindi sinasadya o nagkamali ng pagpapadala, mangyaring makipag-ugnayan kaagad sa nagpadala.

SAMPLE